State of California-Health and Human Services Agency
**Department of Health Care Services**
P.O. Box 989009, West Sacramento, CA 95798-9009

XXXX XX, XXXX

16141_SFL002012D_DUP-000038-19-5

▶ SFL - SFL-999999999- ◀

John Case Sample
1234 Sample Street
Sample City CA 99999

# Mahalagang Impormasyon Tungkol sa Mga Benepisyo ng Anak mo sa Medi-Cal

**Mahal na Magulang/Tagapag-alaga:**
Pakibasa ang liham na ito para sa mahalagang impormasyon tungkol sa mga benepisyong pangkalusugan ng anak mong nakalista sa ibaba. Dahil sa pagbabago sa sakop nilang pangkalusugan, ie-enroll ang anak mo sa mga sumusunod na programa sa petsa ng bisang ipinapakita.

| Pangalan | Planong Pangkalusugan | Dental na Plano | Petsa ng Bisa |
|---|---|---|---|
| John Bene1 Sample | Medical Plan1 | Denti-Cal | September 1, 2016 |
| John Bene2 Sample | Medical Plan2 | Denti-Cal | September 1, 2016 |
| John Bene3 Sample | Medical Plan3 | Denti-Cal | September 1, 2016 |
| John Bene4 Sample | Medical Plan4 | Denti-Cal | September 1, 2016 |

Ang sakop pangkalusugan ng anak mo ay ginawang full scope na serbisyong Medi-Cal. Nangangahulugan ito na mas marami nang benepisyo ang anak mo ngayon. Nangangahulugan din ito na makakakuha ang anak mo ng pag-aalaga sa pamamagitan ng planong pag-aalaga ng kalusugan na pinamamahalaan ng Medi-Cal (tinatawag ding planong pangkalusugan ng Medi-Cal). Ngayong mayroon nang full scope na Medi-Cal ang anak mo, maaaring patuloy na makakuha ang anak mo ng pag-aalaga ng kalusugan mula sa sinumang doktor na tumatanggap ng Medi-Cal Fee-For-Service (tinatawag ding regular na Medi-Cal). Kapag naka-enroll ang anak mo sa planong pangkalusugan ng Medi-Cal, makukuha nila ang pag-aalaga sa kanila sa pamamagitan ng planong pangkalusugan.

Ang planong pangkalusugang Medi-Cal ay nagbibigay ng mga serbisyong medikal sa pamamagitan ng isang network ng mga doktor na tumututok sa pangunahin at pang-iwas na pag-aalaga. Kapag ang anak mo ay naging miyembro ng planong pangkalusugang Medi-Cal, tutulungan ka ng planong pangasiwaan ang pag-aalaga sa anak mo, tutulungan kang makahanap ng mga doktor at espesyalista, magkaroon ng 24-oras na linya ng telepono para sa payo ng nurse, magkaroon ng mga serbisyo ng miyembro para tulungan ka, matutulungan ka sa transportasyon sa mga medikal na pagbisita, at marami pa. Ang planong pangkalusugan ng Medi-Cal ay makakatulong din sa iyong makakuha ng mga serbisyong maaaring kailanganin ng anak mo, na hindi mismong sakop ng plano. **Ang bata ay magiging miyembro ng planong pangkalusugan ng Medi-Cal ng inyong county na nakasaad sa itaas nang hindi lalagpas sa 9/1/2016.**

Makakatanggap ka ng Health Care Options Choice Packet sa koreo at mayroon itong impormasyon para tulungan kang pumili ng planong pangkalusugan at doktor. Maaari ka ring tumawag sa **Health Care Options (HCO) sa 1-800-576-6890 [TTY: 1-800-430-7077]** tpara matulungan kang i-enroll ang anak mo gamit ang telepono.

**Ano ang mga pagpipilian ko?**

1. **Maaari mong piliing walang gawin. Ie-enroll ang anak mo sa planong pangkalusugang Medi-Cal na nakalista sa itaas sa 9/1/2016.**
2. **Mae-enroll mo ang anak mo sa planong pangkalusugang Medi-Cal na nakalista sa itaas at pumili ng doktor o klinika para sa kanila bago ang 9/1/2016.**
3. **Maie-enroll mo ang anak mo sa ibang planong pangkalusugang Medi-Cal kaysa sa nakalista sa itaas at pagkatapos ay pumili ng doktor o klinika para sa kanila mula sa bagong plano.**

Kung nais mong i-enroll ang anak mo sa planong nakalista sa itaas nang maaga o sa ibang plano, maaari kang tumawag sa HCO para sa tulong o i-mail ang napili mo. Kapag in-enroll mo ang anak mo sa planong pangkalusugan nang mas maaga sa petsang nakalista sa itaas, maaaring makumpleto ang pag-enroll sa anak mo nang kasing aga ng ika-1 ng susunod na buwan.

**Telepono:** Tumawag sa **HCO sa 1-800-576-6890 [TTY: 1-800-430-7077]**

**Koreo:** Pumili ng planong pangkalusugang Medi-Cal para sa anak mo, pagkatapos ay punan ang Health Care Options Choice Packet at ibalik ito gamit ang nilaang bayad nang sobre.

May dalawa ring pagpipilian ang anak mo para makakuha ng mga serbisyong **dental**: sa pamamagitan ng planong dental na sakop ng Medi-Cal, o sa pamamagitan ng programang dental ng Medi-Cal na tinatawag na Denti-Cal. Makakatanggap ka ng form sa pagpili ng dental kasama ng iyong Health Care Options Choice Packet na magbibigay ng impormasyon sa mga makukuhang planong dental. Para sa karagdagang impormasyon sa planong dental o sa tulong sa pag-enroll, tumawag sa **HCO**. Para sa impormasyon sa **Denti-Cal tumawag sa Linya ng Serbisyong Pang-kostumer ng Benepisyaryo ng Denti-Cal sa 1-800-322-6384 [TTY: 1-800-735-2922]. Ie-enroll ang anak mo sa Denti-Cal kung hindi ka pumili ng programang dental bago sumapit ang 9/1/2016.**

Ang pahina ng Mga Madalas Itanong na kasama ng liham na ito ay may mga detalye sa mga ibang serbisyong makukuha sa pamamagitan ng Medi-Cal. Kabilang dito ang mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-iisip, mga serbisyo sa paggamot sa pagkalulong sa alkohol at droga, pag-aalaga sa paningin (mata), at ibang medikal na serbisyong kinakailangan.

**Ano ang Dapat Kong Gawin Ngayon?**

- Kausapin ang doktor ng anak mo o klinika para malaman kung nagtatrabaho sila sa planong pangkalusugang Medi-Cal.
- Piliin ang isa sa mga opsyon sa ilalim ng seksiyong "Ano ang mga pagpipilian ko?" ng liham na ito.
- Tumawag sa HCO para sa karagdagang impormasyon sa mga pagpipilian sa plano o hintayin ang pagdating ng iyong Health Care Options Choice Packet sa koreo. Ang packet ay nasa malaking sobre mula sa Department of Health Care Services at ito ay nasa wika mo.

**Paano kung may mga tanong pa ako?**

**Mga Serbisyo sa Sakit sa Paggamit ng Sangkap:**
Para sa tulong sa emergency na pagpapayo, mga serbisyo sa pag-detoxify, at paggamot sa mga residensiyal o pangmatagalang outpatient, makipag-ugnayan sa lokal niyong programa sa pamamagitan ng pagbisita sa website ng Alcohol and Other Drugs Program County Directory:
**http://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/DMC-CountyNumbersDirectory.aspx**

**Mga Serbisyo para sa Kalusugan ng Kaisipan:**
Para sa hindi krisis, mga serbisyong pangkalahatan o impormasyon, makipag-ugnayan sa inyong lokal na departamentong pangkalusugan sa pamamagitan ng pagbisita sa website ng Kaugnay sa Planong Pangkalusugan ng Kaisipan ng County
**http://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/MHPContactList.aspx**

**Health Care Options:**
Para sa mga tanong tungkol sa mga pagbabago sa mga Medi-Cal ng iyong anak, tulong sa pag-enroll gamit ang telepono, tulong sa pag-enroll sa planong dental sa Sacramento County, o para makuha ang liham na ito sa ibang wika, malaking print, audio o Braille, tawagan o bumisita sa kanilang website.
**1-800-576-6890 [TTY: 1-800-430-7077]**
Matatawagan mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m.
Lunes hanggang Biyernes
**http://www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov/**

**Linya ng Serbisyong Pang-kostumer ng Benepisyaryo ng Denti-Cal:**
Para sa tulong sa paghanap ng tagapaglaang dental ng Medi-Cal sa lahat ng county maliban sa Sacramento, impormasyon sa appointment para sa klinikal na screening, o pangkalahatang mga tanong sa programang Denti-Cal, tumawag o bumisita sa kanilang website.
**1-800-322-6384 [TTY: 1-800-735-2922]**
Matatawagan ng 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m.
Lunes hanggang Biyernes
**http://www.denti-cal.ca.gov/WSI/Bene.jsp?fname=ProvReferral**

Sa ilalim ng kasalukuyang batas, hindi kami inaatasan o aming boluntaryong isisiwalat o kundi man ay ibabahagi ang impormasyon ng anak mo sa mga awtoridad ng imigrasyon

## Mga Madalas Itanong Tungkol sa Paglawak ng Mga Benepisyo ng Anak mo sa Medi-Cal

1. **Ano ang Medi-Cal?**

   Ang Medi-Cal ay ang tawag sa Medicaid sa California. Nagbibigay ito ng mga serbisyong medikal, pag-aalagang dental, mga serbisyo para sa kalusugan ng kaisipan, paggamot sa paggamit ng alkohol at droga, pag-aalaga sa paningin (mata), at mga ibang kinakailangang serbisyo para sa pag-aalaga sa kalusugan sa milyon-milyong Californians. Maaari kang matuto pa tungkol sa Medi-Cal sa **http://www.dhcs.ca.gov**.

2. **Ang anak ko ba ay sakop pa rin ng Medi-Cal?**

   Oo, mayroon pa ring Medi-Cal ang anak mo, pero ito ngayon ay "full scope" na. Nangangahulugan ito na ang sakop ng anak mo sa Medi-Cal ay mas marami nang benepisyo ngayon. Makukuha ng anak mo ang karamihan sa mga benepisyong ito kapag sila ay nasa planong pangkalusugan ng Medi-Cal.

3. **Bakit babaguhin ang Medi-Cal ng aking anak?**

   Mayroong bagong batas sa California na tinatawag na Senate Bill (SB) 75. Lahat ng mga batang wala pa sa na 19 ay maaari na ngayong makakuha ng full scope na Medi-Cal, kung matugunan nila lahat ng mga pangangailangan. Balewala na ngayon ang katayuan nila sa imigrasyon.

4. **Ano ang mga Medi-Cal na benepisyo ng anak ko ngayon?**

   Ang Medi-Cal na planong pangkalusugan ng anak mo ay sasakop sa mga libreng medikal na pagbisita, pagbabakuna (iniksiyon), gamot, pag-aalaga sa paningin (mata) at pananatili sa ospital. Magkakaroon ang anak mo ng doktor para sa pangunahing pag-aalaga at mga referral sa espesyalista kung kailangan. Para sa mas marami pang benepisyo ng Medi-Cal, tingnan ang tanong #10.

5. **Maaari ko bang baguhin ang mga planong pangkalusugan ng Medi-Cal?**

   Oo, maaari mong papalitan ang planong pangkalusugang Medi-Cal ng anak mo anumang oras. Para sa tulong sa pagbabago ng plano, mangyaring tumawag sa **Health Care Options (HCO) sa 1-800-576-6890 [TTY: 1-800-430-7077]**, Lunes – Biyernes, 8 a.m. – 5 p.m. Anumang oras sa hinaharap ay maaari mong baguhin ang planong pangkalusugang Medi-Cal ng anak mo.

6. **Magbabayad ba ako ng mga buwanang premium para sa anak ko sa Medi-Cal?**

   Kapag nagbayad ka ng premium ngayon, patuloy kang magbabayad ng premium. Walang magbabago.

7. **Babayaran ko ba ang mga co-payment para sa anak ko sa Medi-Cal?**

   Walang mga co-payment. Sakop ng planong pangkalusugang Medi-Cal lahat ng mga medikal na gastos para anak mo. Kung nagbabayad ka ng Bahagi ng Gastos ngayon, patuloy kang magbabayad ng Bahagi ng Gastos.

8. **Sino ang magiging doktor ng anak mo sa Medi-Cal?**

   Depende. Kung ang kasalukuyang doktor ng anak mo ay bahagi rin ng planong pangkalusugang Medi-Cal sa inyong county, maaari pa rin kayong pumunta sa doktor na iyon. Kung hindi bahagi ang doktor ng planong pangkalusugang Medi-Cal, kailangan mong pumili ng bagong doktor. Padadalhan ang pamilya niyo ng planong pangkalusugang Medi-Cal ng Direktoryo ng Tagapaglaan para tulungan kayong pumili ng doktor. Matitingnan ng mga Kinatawan ng Serbisyong Pang-kostumer ng Medi-Cal kung ang doktor ay nasa plano. Kung hindi ka pumili ng doktor, pipili ang planong pangkalusugang Medi-Cal ng doktor para sa anak mo. Kung nagpapatingin ang anak mo sa doktor ngayon, tanungin ang kanyang doktor kung nagtatrabaho sila sa planong pangkalusugang Medi-Cal ng anak mo. Kung oo, maaari mong piliin ang doktor na iyon matapos ang pag-enroll at patuloy na magpatingin sa doktor na iyon.

**9. Paano kung nagpapatingin ang anak ko sa doktor na hindi nagtatrabaho sa planong pangkalusugan ng Medi-Cal? Maaari pa rin bang patuloy na magpatingin ang anak ko sa kanila?**

Kung nagpapatingin ang anak mo sa doktor sa loob ng nakaraang 12 buwan at hindi nagtatrabaho ang doktor na iyon sa planong pangkalusugang Medi-Cal, maaari kang humiling ng Pagpapatuloy sa Pag-aalaga. Ang kahulugan ng Pagpapatuloy sa Pag-aalaga ay maaari ang anak mong magpatingin sa kasalukuyan niyang doktor para sa hanggang sa 12 buwan kung magkasundo ang doktor at ang planong pangkalusugang Medi-Cal. Kung nais mong makatanggap ng Pagpapatuloy sa Pag-aalaga, mangyaring makipag-ugnayan sa Mga Kinatawan ng Serbisyong Pang-kostumer ng planong pangkalusugang Medi-Cal para sa tulong.

**10. Ano ang mga ibang benepisyong Medi-Cal ang makukuha ng aking anak?**

**Mga Serbisyong Dental**

Maaari nang makakuha ng mga serbisyong dental ang anak mo sa pamamagitan ng Medi-Cal.

- Kung nakatira ka sa Sacramento County, makakakuha ang anak mo ng mga serbisyo sa pamamagitan ng pinamamahalaang planong pag-aalagang dental. Para sa karagdagang impormasyon, maaari kang tumawag sa **HCO sa 1-800-576-6890 [TTY: 1-800-430-7077]** o maaari mong punan ang Dental Choice Form na makukuha mo kasama ng iyong Enrollment Choice Packet.
- Kung nakatira ka sa Los Angeles County, pahihintulutan ka ng programang Denti-Cal na makakuha ng pag-aalaga mula sa alinmag tagapaglaan ng dental na tumatanggap ng Denti-Cal. Ang pinamamahalaang planong pag-aalagang dental ay isang planong detal na sumasakop sa mga benepisyo mong dental. Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa **HCO sa 1-800-576-6890 [TTY: 1-800-430-7077]**. Para piliin ang dental na sakop ng anak mo, maaari mong punan ang Dental Choice Form na makukuha mo kasama ng iyong Enrollment Choice Packet.
- Para sa lahat ng ibang county, makakakuha ang anak mo ng mga serbisyong dental sa pamamagitan ng regular na programang dental ng Medi-Cal na tinatawag na Denti-Cal. Kailangang pumunta ng anak mo sa dentistang tumatanggap ng Denti-Cal.
- Para makahanap ng dentista ng Denti-Cal, maaari kang tumawag sa **Linya ng Serbisyong Pang-kostumer ng Denti-Cal sa 1-800-322-6384 [TTY: 1-800-735-2922]**, Lunes hanggang Biyernes, mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Libre ang tawag. Maaari ka ring pumunta sa website ng Denti-Cal: **http://www.denti-cal.ca.gov/**.
- Tandaang dalhin ang Medi-Cal card ng anak mo sa kanilang mga dental appointment.

**Mga Serbisyo para sa Kalusugan ng Kaisipan**

Kung kailangan ng anak mo ng mga serbisyo para sa kalusugan ng kaisipan, mangyaring kausapin ang bago niyong planong pangkalusugang Medi-Cal o ang doktor ng anak mo. Kung hindi hinahandog ng bago mong planong pangkalusugang Medi-Cal ang mga kailangan niyong serbisyo, tutulungan ka nilang makuha ito. Isasangguni ka nila sa espesyalista para sa kalusugan ng kaisipan o sa plano para sa kalusugan ng kaisipan ng Medi-Cal sa inyong county.

**Mga Serbisyo sa Paggamot sa Pagkalulong sa Alkohol at Droga**

Kung kailangan ng anak niyo ng mga serbisyo sa pagkalulong sa alkohol o droga, tutulungan kayo ng inyong bagong planong pangkalusugang Medi-Cal na makahanap ng tagapaglaan.

Maaari mong tanungin sa iyong planong pangkalusugang Medi-Cal kung kailangan nila ng iba pang mga serbisyo sa pag-aalaga ng kalusugan para malaman kung mayroon nito.

**11. Kung makakuha ang anak ko ng full scope na Medi-Cal, maaapektuhan ba nito ang katayuan ng kanyang imigrasyon?**

Hindi, sa ilalim ng kasalukuyang batas, hindi kami inaatasan o aming boluntaryong isisiwalat o kundi man ay ibabahagi ang impormasyon ng anak mo sa mga awtoridad ng imigrasyon.

Pakitingnan ang sumusunod na website ng DHCS para sa karagdagang impormasyon sa mga pagbabago mula sa SB 75: **http://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/eligibility/Pages/SB-75.aspx**